

# Para sa Mga Tatanggap ng **Medikal Na Pagsusuri ng Tuberkulosis**



Tokyo Metropolitan Government Bureau  
of Social Welfare and Public Health

タガログ語

## Ano ang Tuberkulosis?

Ang tuberkulosis ay isang sakit na mangyayari kapag pumasok sa katawan ang bakterya ng tuberkulosis. Sa pag-ubo at pagbahin ng pasyente ng tuberkulosis, ikakalat sa palibot ang bakterya ng tuberkulosis kasabay ng talsik ng mga iyon. Mahahawaan ang taong nasa palibot na nakakasinghot nito.

Ang unang sintomas ng onset ay tulad ng ubo, plema, at lagnat, at maaaring maging huli ang pagtuklas nito dahil malapit ang mga iyon sa sintomas ng sipon. Kung magpapatuloy nang mahigit dalawang linggo ang iyong ubo, mainam na magpatingin sa medikal na institusyon tulad ng ospital at klinika. Totoo, kailangan ang matagal na panahon upang maipagamot ang tuberkulosis kung nakaabot na sa onset nito, pero hindi ito "walang lunas at nakakatakot na sakit". Kung ang iyong kapamilya o kaibigan ay pasyente nito, pakisuyong suportahan siya dahil madaling humina ang loob niya sa panahon ng pagkakasakit.



## ■ Mga Nilalaman

1	Hindi Naman "Sakit Na Lumipas Na" ang Tuberkulosis.....	3
2	May Pagkakaiba sa Infection sa Tuberkulosis at Onset Nito .....	4
3	Bakit Kailangan ang Medikal Na Pagpapatingin ng Taong Malapit sa Isang Nahawaan? .....	5
4	Anu-anong Pagsusuri ang Gagawin sa Medikal na Pagpapatingin ng Taong Malapit sa Isang Nahawaan?.....	6
5	Ano ang Latent Tuberculosis Infection? .....	7
6	Ano ang Pagsusuri sa Dibdib sa X-ray? .....	8
7	Upang Gumaling Mula sa Tuberkulosis.....	9
8	Maging Mabait sa Pasyente .....	10
9	Mga Papel ng HOKENJO (Public Health Center) .....	11
10	Rekord ng Medikal na Pagpapatingin.....	12
	Listahan ng mga HOKENJO (Public Health Center).....	13
	Card ng pagpapatingin.....	14
	Notes .....	16

# 1

## Hindi Naman "Sakit Na Lumipas Na" ang Tuberkulosis


Kahit ngayon at taun-taon, ang mga 18,000 tao sa buong Hapon, at mga 2,300 tao sa Tokyo Metropolitan ang bagong umaabot sa onset ng tuberculosis (noong 2015). Bagaman tumataas ang ratio ng matatandang pasyente nito lalo na kamakailan, sa Tokyo naman mas mataas ang ratio ng nakakabatang pasyenteng nasa 20's at 30's kung ihahambing sa iba pang prefecture, kung kaya kailangang mag-ingat din ang mga kabataan.



# 2

## May Pagkakaiba sa Infection sa Tuberkulosis at Onset Nito

Kadalasan, kahit papasok ang bakteryang tuberkulosis sa loob ng katawan, lalabanan ito ng resistensya ng katawan. Pero, kung hindi mailalabas ang bakteryang tuberkulosis at mananatili sa loob ng katawan, ito ay hahantong sa kalagayan na "infection". Unti-unting magiging aktibo ang bakteryang tuberkulosis sa loob ng katawan, mapipinsala ang ilang bahagi, at lilitaw ang sintomas nito tulad ng ubo, plema, at lagnat. Pero, hindi naman aabot sa onset ang lahat ng nahawaan. Sinasabing isa o dalawa sa sampung tao na nahawaan ang aabot sa onset ng tuberkulosis.



### 3

## Bakit Kailangan ang Medikal Na Pagsusuri sa Mga Taong Malapit sa Isang Nahawaan?

Isinasagawa ang medikal na pagpapatingin ng taong malapit sa isang nahawaan para sa kapamilya ng pasyente at ibang tao upang maagang matuklasan ang mga taong umabot na sa onset ng tuberkulosis at mga nahawaan na.

Miyentras mas maraming bakterya ng tuberkulosis sa plema ng pasyente, at mas maraming pagkakataon ang isa na kasama siya sa pamamagitan ng pakikipag-usap nang malapit sa kaniya, mas madali siyang mahawaan ng tuberkulosis.

Sa HOKENJO (public health center), ipaplano kung anu-ano ang kasali sa medikal na pagpapatingin ng taong malapit sa isang nahawaan depende sa dami ng bakterya na nasa plema ng pasyente, edad ng mga taong nasa palibot, kalagayan ng paglalapit sa kaniya, at saka isasagawa iyon.

Kasali rito ang IGRA exam (QFT, T-SPOT exam), pagsusuri sa dibdib sa X-ray, tuberculin skin test, at iba pa.



# 4

## Ano ang Gagawin sa Medikal na Pagsusuri sa Mga Taong Malapit sa Isang Nahawaan?

Sa medikal na pagpapatingin ng taong malapit sa isang nahawaan, ipaplano kung anu-ano ang kasali sa pagsusuri at ang panahon nito sa pagsasaalang-alang sa kalagayan ng sakit ng pasyente, edad at kalagayan ng kalusugan ng isa na magpapatingin, at katangian ng bawat pagsusuri, at saka isasagawa iyon.

### 1) IGRA exam

Kukunin ang sampol na dugo at sisiyasatin ang infection sa tuberkulosis sa pagsusuring ito.

Pero, magiging hindi malinaw ang resulta kapag mahina ang imyunidad.

At maaaring hindi maging positive ang resulta ng pagsusuri sa loob ng 8 linggo pagkatapos ng infection.

### 2) Tuberculin skin test

lineksyunan ng tuberculin at isusukat ang laki ng mamumulang bahagi pagkatapos ng 48 oras nito.

Sisiyasatin ang infection sa tuberkulosis sa pagsusuring ito.

Pangkalahatang isinasagawa ito sa batang hindi pa pumasok sa paaralan, na bago ng 6 taong gulang.

Maaaring higit na lalaki ang pagtugon kapag nakatanggap na ng BCG vaccination.

At maaaring hindi makikita ang infection sa resulta ng pagsusuri sa loob ng 8 linggo pagkatapos ng infection.

Kung para sa mga sanggol at iba pa na hindi pa nakatanggap ng BCG vaccination pero may panganib na lalala ang sintomas kung aabot sa onset ng tuberkulosis, maaaring magsimula ang pagpapagamot sa latent tuberculosis infection kahit negative ang resulta ng pagsusuring ito.

### 3) Pagsusuri sa Dibdib sa X-ray

Magpapa-X-ray sa dibdib, at sisiyasatin ang pag-abot sa onset ng tuberkulosis sa pagsusuring ito.

Agad na isasagawa ang pagsusuring ito para sa hindi tatanggap ng IGRA exam.



# 5

## Ano ang Latent Tuberculosis Infection?

Tumutukoy ito sa kalagayan na walang lumilitaw na sintomas ng tuberkulosis kahit nahawaan na ang isang tao ng bakterya ng tuberkulosis, pero maaari itong umabot sa onset nito sa hinaharap. Kadalasan, magpapatuloy ang pag-inom ng Isoniazid (INH) sa loob ng di-kukulanging anim na buwan upang maiwasan ang pag-abot sa onset.

Maikakapit sa pagpapagamot na ito ang medical expenses public funding system.

Wala namang espesyal na pagbabawal sa pamumuhay sa panahon ng pagpapagamot.

Pero, madaling umabot sa onset ang tuberkulosis kapag mahina ang resistensya ng katawan dahil sobrang pagod, laging nadarama ang matinding stress, o dahil sa diyabetis.

Kung magiging di-regular o hihinto ang pag-inom ng gamot para sa pagkontrol sa pag-abot sa onset, maaaring hindi makontrol ang pag-abot sa onset, o mabuo ang bakteryang drug-resistant (walang bisa ang anumang drug para sa bakteryang iyan).

Kung drug-resistant ang bakterya ng tuberkulosis na nakahawa sa iyo, babaguhin din ang detalye ng pagpapagamot depende sa pangangailangan. Pakisuyong uminom ng lahat ng gamot hanggang sa katapusan.





# 6

## Ano ang Pagsusuri sa Dibdib sa X-ray?

Sisiyasatin ang pag-abot sa onset ng tuberkulosis sa pagsusuring ito. Kapag nakaabot na sa onset, makikita rito ang kalagayan ng baga tulad ng kung gaano kalawak ang pinsala sa baga.


Kapag nahawaan na ng tuberkulosis, sinasabing madaling umabot sa onset nito anim na buwan hanggang dalawang taon mula sa panahon ng infection.

Sa loob ng panahong iyon, gagawin ng HOKENJO (public health center) ang iskedyul ng pagsusuri sa dibdib sa X-ray depende sa pangangailangan.

Siguraduhing magpatingin sa lahat ng pagkakataon na iniskedyul.

Pakisuyong kontakin ang HOKENJO (public health center) na in-charge kapag hindi mo natanggap ang pagsusuri o kung babaguhin ang iyong trabaho, paaralan, at adres dahil sa paglipat, at iba pa.

Bukod pa rito, kung magpapatuloy nang mahigit dalawang linggo ang nararamdamang sintomas tulad ng ubo, plema, at lagnat, pakisuyong agad na magpatingin sa medikal na institusyon na hindi basta maghintay lamang sa iniskedyul na pagpapatingin.



Kapag nahawaan na ng tuberkulosis, madalas na aabot sa onset pagkatapos ng anim na buwan o sa loob ng isang taon mula noong infection, at aabot naman sa onset ang mga 80% ng nahawaan sa loob ng dalawang taon.

# 7

## Upang Gumaling Mula sa Tuberkulosis


Upang gumaling sa tuberkulosis, ang mga gamot ay pagsasamahin para sa pagpapagamot depende sa kalagayan. Mahalagang uminom ng gamot nang regular at ayon sa plano sa loob ng panahon na kinakailangan na mahigit sa anim na buwan.

Kung ipagpapatuloy ang pag-inom ng gamot nang dalawang linggo o isang buwan mula sa pagsisimula ng pagpapagamot, bubuti ang kalagayan ng karamihan ng mga pasyente at bababa rin ang panganib ng paghahawa sa iba. Pero, kung hihinto sa pag-inom ng gamot o magiging di-regular ang pag-inom, maaaring lumala ang kalagayan at maging drug-resistant ang bakteryang, at magiging hindi mabisa ang iniresetang gamot.

Kapag lumala na ang kalagayan, maaaring magpatuloy ang pag-inom ng gamot at pagpapagamot nang mahigit isang taon, at kakailanganin din ang operasyon.

Totoo, mahirap para sa kaninuman ang magpatuloy uminom ng gamot na hindi makalimutan sa loob ng mahabang panahon.

Sumusuporta rin ang HOKENJO (public health center) para sa iyong tiyak na pag-inom ng gamot. Kaya, sama-sama nating tapusin ang pagpapagamot.



# 8

## Maging Mabait sa Pasyente

Hindi naman mahahawaan ang ibang tao ng tuberkulosis mula sa tao na nahawaan na nito na hindi pa umabot sa onset, tulad ng latent tuberculosis infection.

Kapag umiinom ang isa ng gamot nang regular kahit nakaabot na sa onset, ang tindi ng pagiging nakakahawa ay hihina sa loob ng mga dalawang linggo.

Kapag nakabalik na ang pasyente sa paaralan o sa trabaho, hindi kailangang mag-alala na mahawaan ang iba ng tuberkulosis.

Kaya, pakisuyong maging mabait sa pasyente.

Maraming tao ang nahahirapan sa pagtatanggi mula sa lipunan dahil sa kanilang pagkakasakit ng tuberkulosis, AIDS, ketong, at iba pa. Hindi puwedeng magbago ang kanilang dignidad dahil lamang sa sakit. Suportahan natin sila upang maipagpatuloy nila nang payapa ang pagpapagamot.



Tumutulong ang HOKENJO (public health center) sa masayang buhay nang may mabuting kalusugan ng lahat ng mga residente.

Ginagawa rito ang pagtulong sa pag-inom ng gamot, pagtanggap ng pagkonsulta tungkol sa pagpapagamot, pagpapatingin pagkatapos ng pagpapagamot, pagpapatingin ng kapamilya at iba pang tao na nasa palibot ng pasyente, at iba pa, upang siguraduhing matapos ang pagpapagamot ng pasyente ng tuberkulosis.

\* May sistemang sumuporta para sa pagbabayad ng medikal na gastusin para sa pagpapagamot ng tuberkulosis mula sa public funding, at sa HOKENJO (public health center) makapag-aaplay. Pakisuyong kumonsulta kung may anumang inaalaala.

### Ano ang DOTS?

Ang DOTS ay isang estratehiya laban sa tuberkulosis na ginawa ng WHO, at nabubuo ito ng sumusunod na limang salik;

1. Mangunguna ang pamahalaan
2. Magda-diagnose sa pamamagitan ng pagsusuri sa bakteryang, at magtataguyod ng pag-observe sa kalagayan
3. Direktang titiyak sa pag-inom ng gamot
4. Patuloy na magsusuplay ng gamot
5. Magre rekord at magre report ng resulta ng pagsusuri sa bakteryang

Ang estratehiyang ito ay naisama na sa batas ng Hapon mula noong taong 2005, at naisasagawa ang direktang pagtiyak sa pag-inom ng gamot sa ospital, HOKENJO (public health center), at iba pa, lalo na bilang pagsuporta sa pagpapatuloy ng pasyente ng pag-inom ng gamot.

## Rekord ng Medikal na Pagsusuri

### 1. Iskedyul ng pagpapatingin (resulta ng pagsusuri)

Panahon		Detalye	Resulta			Nagsagawang institusyon	Remarks	
Una	Taon ( ) Buwan ( ) Araw ( )	Pagsusuri sa dibdib sa X-ray						
		IGRA exam						
		Tuberculin skin test	Kung saan ineksyunan (Kaliwa Kanan Taas Gitna Baba)	X	X	(Paltos / Ganggrena at pagdurugo)		
		Iba pang pagsusuri						
Pagkatapos ng dalawang buwan	Taon ( ) Buwan ( ) Araw ( )	Pagsusuri sa dibdib sa X-ray						
		IGRA exam						
		Tuberculin skin test	Kung saan ineksyunan (Kaliwa Kanan Taas Gitna Baba)	X	X	(Paltos / Ganggrena at pagdurugo)		
		Iba pang pagsusuri						
Pagkatapos ng anim na buwan	Taon ( ) Buwan ( ) Araw ( )	Pagsusuri sa dibdib sa X-ray						
Pagkatapos ng isang taon	Taon ( ) Buwan ( ) Araw ( )	Pagsusuri sa dibdib sa X-ray						
Pagkatapos ng dalawang taon	Taon ( ) Buwan ( ) Araw ( )	Pagsusuri sa dibdib sa X-ray						

### 2. Para sa mga tatanggap ng medikal na pagpapatingin

- Hindi sapat ang isang beses na medikal na pagpapatingin lamang. Siguraduhing magpatingin sa lahat ng pagkakataon na iniskedyul.
- Kung magpapatuloy nang mahigit dalawang linggo ang sintomas ng ubo, plema, sakit sa dibdib, sinat, pakisuyong agad na magpatingin sa medikal na institusyon na hindi basta maghintay lamang sa iniskedyul na pagpapatingin, at dala ang form na ito. Pareho rin ang kailangang gawin kahit natapos na ang lahat ng iniskedyul na pagpapatingin.

### 3. Para sa mga doktor ng medikal na institusyon

Si \_\_\_\_\_ ay maaaring nahawaan na ng bakterya ng tuberkulosis noong (Taon) \_\_\_\_\_ (Buwan) \_\_\_\_\_, at naipagpapatuloy ang medikal na pagpapatingin ayon sa iskedyul sa itaas. Kapag naobserbahan ang anumang sintomas ng tuberkulosis, pakisuyong kumontak sa tauhan na in-charge sa HOKENJO (public health center) na nakalagay sa ibaba.

**HOKENJO (public health center):** \_\_\_\_\_ **Dept. Telepono:** ( ) \_\_\_\_\_